# Plano sa Pagkuha ng Lupa at Resettlement

PUBLIC

Oktubre 2023

## Pilipinas: Bataan – Cavite Interlink Bridge Project

Inihanda ng Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan (DPWH) para sa Banko ng Pagppaunlad ng Asya (ADB).

Ang planong ito sa pagkuha ng lupa at resettlement ay isang dokumento ng nanghihiram. Ang mga pananaw na ipinahayag dito ay hindi kinakailangang kumakatawan sa mga opinyon ng Lupon ng mga Direktor, Pamamahala, o Staff ng ADB, at maaaring paunang likas. Ang iyong pansin ay dinedirekta sa sekyong "mga tuntunin sa paggamit" ng ADB website.

Sa paghahanda ng anumang programa o estratehiya ng bansa, pagpopondo ng anumang proyekto, o sa pamamagitan ng paggawa ng anumang pagtatalaga o pagtukoy sa isang partikular na teritoryo o heyograpikong lugar sa dokumentong ito, hindi nilayon ng ADB na gumawa ng anumang mga paghatol tungkol sa legal o iba pang katayuan ng anumang teritoryo o lugar.

## Executive Summary

1. Ang Plano sa Pagkuha ng Lupa at Resettlement o Land Aquisition and Resettlement Plan (LARP) para sa Package 1 (Lupain ng Bataan ) at Package 2 (Lupain ng Cavite ) ng proyektong Bataan-Cavite Interlink Bridge (BCIB) ay inihanda para sa pasilidad ng pagpopondong multi-tranche (MFF) na kinakailangan ng ADB. Ito ay naging batay sa final na Detalyadong Engineering Disenyo (DED), at sa census at detalyadong pagsukat/survey (DMS) na isinagawa noong Oktubre 2021 hanggang Abril 2022.

2. Ang LARP ay nagtatakda ng mga kinakailangang tuntunin ng pamantayan, mga karapatan (entitlements), at gawi na ilalapat ng Pamahalaan ng Pilipinas upang matiyak na ang mga epekto ng hindi boluntaryong resettlement (Involunatry resettlement) dulot ng proyekto ay angkop na natukoy at nababawasan. Ang mga pamantayang ito ay sumunod sa mga kaugnay na batas at regulasyon/patakaran ng Pamahalaan ng Pilipinas, gayundin sa Safeguards Policy Statement ng ADB (SPS 2009). Ang proyekto ay nag lalayun na magbigay ng permanenteng daan pagkakaugnay sa pagitan ng mga lalawigan ng Bataan at Cavite upang mabawasan ang oras ng paglalakbay, at maibsan and pagsisikip ng trapiko sa Metro Manila gayundin sa Timog Luzon at Hilagang Luzon gateway. Sasaklawin nito ang tinatayang haba na 32.15 km, na tumatawid sa Manila Bay.

4. Ang hilagang dulo ng proyekto ay nasa munisipalidad ng Mariveles, na tumatawid sa mga barangay Alas-asin at Mount View. Ang katimugang dulo nito say nasa Naic, Cavite, na dumaraan sa mga barangay Timalan-Concepcion at Timalan-Balsahan. Sa hinaharap, maaari itong kumonekta sa isang marine vaiaduct patungo sa Corregidor Island.

5. **Mga epeko ng pagkuha ng lupa at resettlement**. Ang proyekto sa kabuuan ay makakaapekto sa 909 taong binubuo ng pisikal na inilipat, pisikal at pangkabuhayan inilipat, at mga nawala ang pangkabuhayan (ibig sabihin, hindi naninirahan mga may-ari ng negosyo, hindi naninirahan mga may-ari ng lupa, at manggagawa/empleyado ng apektadong kabuhayan o mga aktibidad sa negosyo). Ang kabuuan numero ng apektadong mga tao (AP) sa Mariveles ay 326; sa Naic, ito ay 583. Ang proyekto ay may klasipikason ng kategoryang A para sa hindi boluntarong resettlement (Involuntary Resettlement) ngunit walang mga katutubo (IPs) o lupa ng mga ninuno (ancestral domain) na apektado.

6. Ang kabuuang lawak ng lupa na makukuha para sa proyeto ay 1,244,859.26 metro kwadrdo (sq. m), na may pamilihang halaga ng PHP4,621,742,184. Ang lupain na makukuha sa Mariveles ay 809,332.98 sq. m (65% ng kabuuan lawak ng lupa), habang 435,526.28 sq. m (35%) para sa Naic. Mga 73% ng lupaing ito ay agrikultural habang 12% ay residential. Ang natitirang 15% ng apektadong lupain ay nauuri bilang pang-industriya, komersyal, agrikultural-tirahan, pribadong kalsada, halo-halong gamit pag-unlad, tabing dagat lupa, riles ng tren, residential-agricultural, bukas na espasyo sa subdivision (open space in subdivision), at buffer o easement na lugar.

7. Ang proyekto ay mangangailan ng pisikal na paglilipat ng 150 sambahayan (HH) (49 HH mula sa Mariveles at 101 HH mula sa Naic). Sa kanila, 108 ang walang lupa. Ang mga walang lupa na AP ay kasama sa vulnerable group na kasama ng iba pang mga kategorya tulad ng mga sumusunod: mga HH nasa baba ng threshold ng kahirapan o may may per-capita buwanang kita ng PHP2,416.00; mga HH na pinamumunuan ng isang matatanda (taong may edad na 60 o mas matanda); mga HH na pinamumunuan ng mga solong magulang na may mga umaasa; mga HH na may miyembro na may kapansanan. Karamihan sa mga HH na ito ay mayroong maraming mga kahinaan (vulnerabilities).

8. Mula sa kabuuang bilang na pisikal na malilikas, 137 HH ay magkakaroon ng lilipatan (relokasyon). Kabilang sa mga ito, 29 ay may-ari ng lupa at 108 ay hindi may-ari ng lupa at impormal settler na mga pamilya (ISFs). Ang resettlement ng 108 HH na hindi nag mamamay-ari ng lupa at ISFs ay isasagawa sa pakikipagtulungan sa Pambansang Awtoridad ng Pabahay (National Housing Authority (NHA). Sa kabilang banda , 9 na may-ari ng lupa na ang kabahayan ay may malubhang apektadong mga istruktura ngunit bahagyang apektadong lupa ay maaari lamang muling itayo ang kanilang mga tahanan sa natitirang mga bahagi ng kani-kanilang ari-arian. Apat na HH na may-ari ng lupa na mayroon bahagyang naapektuhang mga istruktura ay maaring basta umurong pabalik mula sa ROW ng proyekto.

9. May kabuuang 434 na istruktura ang maapektuhan ng proyekto, na may pamilihang halaga ng PHP 178,649,688.10. Karamihan sa mga ito ay pangunahing mga istruktura para sa tirahan o komersyal na layunin, o para sa parehong layunin. Kasama ng mga istrukturang ito ang 10,965 puno at halaman na maapektuhan na may halaga sa pamilihan ng PHP31,916,741.13.

10. Bukod sa sa pisikal pag-aalis, magkakroon din ng pang-ekonomiyang *displacement.* Sa kabuuan may 97 yunit na mga negosyo ang maapektuhan ng proyekto: 89 ay lubhang maapektuhan (37 sa Mariveles at 52 sa Naic) na mawawalan ng 10% o higit pa ng kanilang produktibong ari-arian, at 8 ay bahagyang apektado. Ang mga negosyong ito ay pagmamay-ari/pinamamahalaan ng 83 AP (29 mula sa Mariveles at 54 mula sa Naic) na may tinatayang 165 empleyado/manggagawa (134 lalaki at 31 babae) na maapektuhan bilang resulta ng pinaliit na operasyon, pansamantalang pagkagambala, o permanenteng paglilipat ng mga negosyo. Ang mga empleyado/manggagawa na ito ay naitala sa bilang na may karapatan sa kabayaran.

11. Ang Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan (National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) ay nagbigay ng Certificate of Non-Overlap (CNO) sa DPWH noong Agosto 24, 2021, na nagpapatunay na ang proyektong Cavite Interlink Bridge ay hindi makakaapekto sa anumang ancestral domain/lupain ng katutubong kultura komunidad/Katutubong Pamayanan.”

12. **Mga Prinsipyo ng Patakaran sa Social Safeguards**. Ang balangkas ng patakaran sa sosyal na pagiingat (social safeguard) ng proyekto ay sumusunod sa Pahayag ng Pagiingat noong 2009 ng ADB (Safeguard Policy Statement (SPS), 2009) at mga kaugnay na batas ng Pilipinas. Ang itataguyod ng proyekto ay ang mga prinsipyo ng patakaran sa di-boluntaryong resettlement na naka detalye sa Kabanata 6, kabilang sa mga ito ay ang involuntary resettlement pagiingat na kinakailangan ng ADB sa kompensasyon sa kapalit na halaga (replacement cost) na binubuo ng mga sumusunod na elemento: (i) patas na kasalukuyang halaga sa pamilihan sa panahon ng kabayaran, (ii) mga gastos sa transaksyon, (iii) interes na naipon, (iv) transisyonal at pagbabalik ng mga gastos, at (v) iba pang naaangkop na pagbabayad, kung mayroon man. Sa pagkalkula, ang mga istruktura ay kinakailangan mabayaran ng kapalit na gastos ng walang depreciation/pagbabawas ng halaga. At saka, ang mga tao o mga HH na walang pormal na legal na karapatan o hindi kinikilala o nakikilalang mga claim/paghahabol sa nakuhang lupa ng proyekto, ay may karapatan na mabayaran para sa kanilang nawalang mga ari-arian maliban sa lupa, tulad ng mga tirahan o iba pang mga pagpapahusay sa lupa sa buong halaga na kapalit na gastos/pagpapalit, sa kondisyon na inookupahan/ginagamit ang lupain o mga istruktura sa apektadong lupa ng proyekto bago sa isiniwalat na ”cut-off date”. Gayundin, hindi dapat maganap ang paglilipat bago magbigay ng kabayaran at iba pang tulong na kailangan para sa relokasyon.

13. **Pagiging karapat-dapat para sa Kabayaran at Entitlement.** Ang "cut-off-date" ng pagiging karapat-dapat para sa kabayaran ay ang petsa ng pagsisimula ng census at pagtag ng istraktura ng mga hindi may-ari ng lupa, binigay sa Kabanata 3, at sa ang pagpapalabas ng Paunawa sa Pagkuha (Notice of Taking) (NOT) ng DPWH para sa mga may pormal na pagaangkin sa lupa. .

14. Ang kabayaran sa kapalit na halaga ay ibibigay sa lahat AP na mawawalan ng lupa at/o iba pang mga ari-arian dahil sa pagkuha ng lupa at paglilinis ng ROW para sa proyekto. Kung naaangkop, ang kabayaran ay sasamahan ng tulong, gaya ng nakabalangkas sa "entitlement at compensation matrix". Makikipagtulungan ang DPWH sa mga kinakauukulang local na pamahalaan (LGUs) sa pagpapatupad ng pagkuha ng lupa (land acquisition) at paghahawan ng ROW (clearing), resettlement, at ang paglalalan ng kabayaran at entitlement.

15. **Relokasyon at Resettlement** . Kabayaran at tulong sa resettlement ay ibibigay nang buo sa mga AP bago sa pag-aalis/paglilipat, paglilinis ng lupa , at pagsisimula ng mga trabahoanumang apektadong mga lugar. Kung ang AP ay hindi pwede o ayaw na tumanggap ng kanilang mga entitlements dahil sa pinagtatalunang pagmamay-ari, nawawala at pagiging hindi maabot, o Mga AP na tumututol sa inaalok na bayad , DPWH matapos sundin ang mga makatwirang pagsisikap na kilalanin mga may-ari at hatulan and resolusyon ng mga pagtatalo na kailangan sa ilalim ng Republic Act 10752, ang buong halaga ng kabayaran at mga allowance na dapat bayaran ay idedeposito sa isang escrow account hanggang sa oras na ang pera ay maaaring ilabas at ibayad sa mga kinauukulang AP .

16. **Programa sa Pagpapanumbalik ng Kabuhayan**. Kasama sa LARP ang isang programa sa Pagpapanumbalik at Pagpapabuti ng Kabuhayan (Livelihood Restoration and Improvement Program (LRIP) na naglalayong papanumbalik ng kita at kabuhayan sa pamamagitan ng panandalian at pangmatagalan mga interbensyon. Isang pagtatasa ng mga epekto sa kabuhayan apektadong kabahayan, gayundin ang sa mga kasalukuyang mga programa ng pamahalaan ay isinagawa para layunin ng paghahanda ang LRIP. Ang mga estratehiya para sa pagpapanumbalik ng kita at kabuhayan ay naaayon sa mga patakaran ng ADB SPS gaya ng (i) suporta para ma-access ang umiiral na mga na mga programa at serbisyo ng pamahalaan, (ii) pakakataong makapagsasanay sa bokasyonal, (iii) impormasyon ng empleo at referral, (iv) mga pagkakataon maka kuha ng trabaho sa proyekto sa pamamagitan ng pagsasanay bago sa construksyon at kagustuhang pagkuha (preferential hiring) , at (v) mga naka-target nainterbensyon para sa mga kababaihan at mga vulnerable na tao. Ang mga AP na lubhang apektado ay magkakaroon ng karapatan sa mga tulong para sa pagpapanumbalik ng kabuhayan/kita. Ang kabuuan tinatantyang halaga ng pagpapatupad ng LRIP ay PHP8,802,000.00 (o US$158,195.55). Ang mga detalye ng LRIP ay nasa Kabanata IX.

17. **Mekanismo sa Pagwawasto ng Karaingan.** Ang Kabanata V ay naglalahad ng proseso kung saan ang mga karaingan ay tatangapin, tatasahin at lulutasin (GRM). Binubuo ito ng tatlong antas ng karaingan para sa mga magsampa ng mga reklamo tungkol sa proyekto: antas ng munisipyo kung saan ang Municipal Resettlement Implementation Committee (MRIC) ay gaganap ng aktibong papel (Antas 1); antas ng DPWH Regional Office (Antas 2); at DPWH UPMO antas (Antas 3).

18. Ang GRM ay binuo ng naaayon sa patakaran ng sosyal na pangangalaga (social safeguards) ng ADB, mga kailangan at alituntunin. Ang pangunahing layunin ay bawasan ang mga epekto at panganib na dulot ng proyekto, pati na rin ang pagtatag ng tiwala sa iba-ibat mga stakeholder, partikular na ang mga AP.

19. **Mga Institusyonal na kaayusan** . Ang DPWH ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagiging ahensyang nagpapatupad at nagsasagawa ng proyektong BCIB. Ang Roads Management Cluster II,Unified Project Management Office (UPMO), sa loob ng Opisina ng Senior Undersecretary para sa UPMO, ay magiging responsableng opisina para sa paghahanda at implementasyon ng LARP, kasama ang pagkuha ng ROW at relokasyon ng Mga AP. Ito ay organisado kasama ang teknikal at administratibong kawani sa bisa ng iba't ibang mga kautusan ng kagawaran. Kasama ang Legal at Planning Services, ang UPMO ay magsasagawa ng ibat ibang hanay ng mga aktibidad mula sa pagpapatunay hanggang sa pagbabayad ng kabayaran/compensation. Sa kabilang banda, ang NHA magiging pangunahing katuwang sa resettlement ng mga APs na kwalipikado para sa programang pabahay (socialized housing), habang ang lokal na pamahalan (LGU) ng Mariveles at Naic ay magiging ganap na kasangkot sa pagpapatupad ng LARP, pati ang LRIP.

20. **Iskedyul ng Implementasyon**. Ang target ng implementasyon ng proyekto ay 5 taon. Bago ang implementasyon nito ( i.e.mga gawaing sibil), ang iskedyul ng proyeko ay nagbibigay ng 2-taon takdang panahon para sa pagkuha ng lupa at resettlement, implementasyon ng LARP, paglikha ng mga nagpapatupad na institusyon, kabilang sa iba pang aktibidad na naugugnay sa LARP.

21. **Badyet at Pananalapi** . Ang badyet ng LARP ay tinatayang nasa PHP6,116,575,980.67 (o USD 109,931,272.10 gamit ang palitan na 1 USD = PHP55.64 noong 20 May 2023), na 2.80% ng kabuuan badyet ng proyekto. Sinasaklaw nito ang mga gastos/kabayaran sa pagkuha ng lupa at istraktura, kabayaran para sa mga pananim at mga puno, iba pang tulong sa resettlement tulong, pag-papaunlad ng relokasyon, pagpapanumbalik at pagpapabuti ng kabuhayan, at implementasyo ng LARP at pagsubaybay ng implementasyon (kabilang ang mga gastos sa panganagasiwa at 10% contingency). Sa partikular, ang tinatayang badyet na kailangan para ilipat ang displaced households ay PHP81,518,000.00 (o US$1,465,097.05). Kabilang dito ang badyet/gastos para sa pag-papaunlad ng mga resettlement site ng NHA, suporta sa transportasyon ng mga ililipat na sambahayan, at allowance para sa abala (inconvenience allowance) ng mga vulnerable sambahayan at mga may-ari ng malubhang apektadong pangunahing istruktura.

22. Sasakupin ang lahat na mga gastos sa implementasyon ng LARP at kaukulang plano ng pagwawasto (corrective action plan) ng nanghiram, at titiyakin ng DPWH ang napapanahong paglalaan ng badyet, na mayroong sapat na contingency para sa mga hindi mga inaasahang epekto.

23. **Panloob at Panlabas** na **Pagsubaybay.** Ang proyektong ito ay nakategorya bilang A para sa hindi boluntaryong resettlement (Involuntary resettlement) safeguard. Dahil dito, ang pagsubaybay ay magkaroonng dalawang uri,: panloob at panlabas. Ang DPWH ay magtatatag ng pana-panahong mekanismo sa pagsubaybay ng implementasyon ng LARP at magsusumite mg kalahating taung ulat ng pagsubaybay sa ADB. Upang matiyak ang pagsunod, ang serbisyo ng isang bihasa at kwalipikadong eksperto sa panlabas na pagsubaybay (external monitoring) ay kukunin ng DPWH para magbigay ng pana-panahung pagsusuri at pagtatasa. Ang pagsisiwalat ng mga kalahating taunang pagsubaybay ay gagawin pagsusumite sa ADB. Ang paghahanda ng kalahating taunang ulat sa pagsubaybay para sa tagal ng proyekto, pagkatapos nito ay isusumite ang isang ulat sa pagkompleto ng proyekto.

24. **Pagsisiwalat ng Impormasyon.** Isusumite ng nanghihiram/kliyente ang mga sumusunod na dokumento sa ADB para sa pagsisiwalat sa website ng ADB: (i) paunang plano ng resettlement at/o balangkas ng resettlement (framework) na inendorso ng nanghihiram/kliyente bago ang pagtatasa ng proyekto (project appraisal); (ii) ang pangwakas na na plano ng resettlement na inendorso ng nanghihiram/kliyente pagkatapos makompleto and census ng mga apektadong tao; (iii) bagong plano ng resettlement o isang na-update na plano ng resettlement, at plano sa pagkilos ng pagwawasto (corrective action plan) inihanda sa panahon ng implementasyon ng proyekto, kung mayroon man; at (iv) at mga ulat sa pagsubaybay ng resettlement.

25. Higit pa rito, ang nanghihiram/kliyente ay magbibigay ng may katuturang resettlement impormasyon, kabilang ang impormasyon mula sa dokumento na ito -talata 24- sa isang napapanahong paraan, sa isang mapupuntahang lugar at anyo at (mga) wika na naiintindihan ng mga APs at iba pang mga stakeholders. Para sa mga taong hindi marunong bumasa at sumulat, ang angkop na iba pang paraan ng komunikasyon ay gagamitin.

26. Ang ulat ng LARP na ito ay binubuo ng dalawang bahagi sa magkahiwalay na pabalat: (i) pangunahing ulat; at (ii) mga annexes.